



# ANG MISYON NG DIYOS SA ATIN: 2 BAHAGI

Aralin 2 para sa Oktubre  
14, 2023



“Dahil dito  
magsiyaon nga  
kayo, at gawin  
ninyong mga  
alagad ang lahat  
ng mga bansa,  
na sila'y inyong  
bautismuhan sa  
pangalan ng Ama  
at ng Anak at ng  
Espiritu Santo.”

Mateo 28:19




Mula nang pumasok ang kasalanan sa mundo, nagsimula ang Diyos sa isang misyon na ibalik ang Kanyang imahe sa Kanyang mga anak at ayusin ang relasyon sa kanila, ibalik ang sangkatauhan sa estado ng kadalisayan nito at alisin ang bawat bakas ng kasamaan.

Susuriin natin ang kalikasan at layunin ng misyong ito at kung paano ito isinasagawa ng Diyos.



## ANG MISYON NG DIYOS ALANG-ALANG SA ATIN



# ANG PINAGMULAN: ANG TRIUNE NA DIYOS

"Kung paanong pagkasugo sa akin ng Ama, ay gayon din naman sinusugo ko kayo. At nang masabi niya ito, sila'y hiningahan niya, at sa kanila'y sinabi, Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo." (Juan 20:21-22)



Ang misyon na ibalik ang sangkatauhan ay isinasagawa sa pamamagitan ng plano ng kaligtasan. Ang planong ito ay inisip ng Diyos at pinakikilos Niya.

Ang bawat persona ng Diyos ay may tungkulin sa planong ito:



Isinugo ng Ama ang Anak upang tubusin tayo at nangangakong ipapadala sa atin ang Banal na Espiritu (Juan 3:16; Lucas 24:49).



Tinutupad ng Anak ang kalooban ng Ama at hinihiling sa Kanya na ipadala sa atin ang Banal na Espiritu (Juan 4:34; 14:16).



Ipinagpapatuloy ng Banal na Espiritu ang gawaing pinasimulan ng Ama, inaakay tayo sa Anak, at tinutulungan tayong gampanan ang ating bahagi sa misyon (Juan 14:26; Gawa 1:8).

**“Ang Kadiosan ay naawa sa sangkatauhan, at ibinigay ng Ama, ng Anak, at ng Banal na Espiritu ang Kanilang Sarili sa paggawa ng plano ng pagtubos. Upang ganap na maisakatuparan ang planong ito, napagpasyahan na si Kristo, ang bugtong na Anak ng Diyos, ay dapat magbigay ng Kanyang sarili bilang handog para sa kasalanan [...] Kay Kristo, ibinigay Niya ang lahat upang walang magkulang sa plano para sa pag-angat ng tao. Narito ang pag-ibig—sa pagmumuni-muni dito ay dapat mapuno ang kaluluwa ng hindi maipahayag na pasasalamat! [...] Aakayin nito ang alagad na tanggihan ang sarili, pasanin ang krus, at sundin ang Manunubos.”**

**E. G. W. (Counsels on Health, p. 222)**



# ANG POKUS: PAGGAWA NG MGA ALAGAD

**"Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa"**

**(Mateo 28:19)**



**Ang pangunahing layunin ng misyon ay ang gumawa ng mga alagad, ibig sabihin ay dapat mayroong mga tao na magbabahagi sa mundo kung ano ang ginawa ni Jesus para sa kanila (Mateo 28:16-20).**

**Ang mga tumatanggap ng mensahe ay bininyagan at tinuruan na sundin ang lahat na iniutos ni Jesus.**

**Ang labing-isang indibidwal na inatasan para sa misyong ito ni ang 120 na nakatanggap ng kapangyarihang isagawa ito ay hindi makakarating sa buong mundo. Kinailangan itong magparami nang husto: ang isang disipulo ay manganganak ng ilang mga disipulo na, sila din, ay manganganak ng mga bagong alagad.**



**Ipinasiya ng Ama na sa presensya ni Jesus at sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay dadalhin natin ang ebanghelyo sa bawat tao sa ating planeta (Mateo 28:20; Gawa 1:8).**



# MENSAHE: ANG WALANG HANGGANG EBANGHELYO

“At nakita ko ang ibang anghel na lumilipad sa gitna ng langit, na may mabuting balita na walang hanggan upang ibalita sa mga nananahan sa lupa, at sa bawa't bansa at angkan at wika at bayan.” (Apoc. 14:6)

**Ano ang walang hanggang ebanghelyo na dapat nating ipangaral sa buong mundo?**



**Si Jesus ay dumating sa ating mundo at namuhay ng isang perpektong buhay (Gawa 10:38)**



**Siya ay namatay sa krus upang pasanin ang ating mga kasalanan (Isaias 53:5; 1 Pedro 3:18)**



**Siya ay bumangon, umakyat sa Langit, at dinakila ng Ama (Gawa 2:32-33)**



**Siya ay kasalukuyang namamagitan para sa atin sa makalangit na santuwaryo (Hebreo 7:25)**



**Siya ay babalik upang dalhin tayo sa kaluwalhatian sa Langit (1 Tess 4:16-17)**



**Sa wakas, itatatag Niya ang kaharian ng Diyos sa Lupa (Apocalipsis 21:1-4)**

**Ang tungkulin natin bilang mga alagad ay maghanda at ihanda ang iba upang, sa ikalawang pagparito ni Jesus, maibalik tayo sa larawan ng Diyos at mamuhay nang walang hanggan kasama Niya.**





# MGA DALUYAN: ANG BAYAN NG DIYOS

*"Nguni't kung ako'y magluwat ng mahabang panahon, ay upang maalaman mo kung paano ang dapat sa mga tao na ugaliin nila sa bahay ng Dios, na siyang iglesia ng Dios na buhay, at haligi at suhay ng katotohanan." (1 Timoteo 3:15)*

Ang misyon ay hindi isinasagawa ng mga nakahiwalay na alagad. Tinitipon ng Diyos ang Kanyang mga alagad sa isang katawan: ang bayan ng Diyos.

Sa Lumang Tipan, ang mga tao ng Diyos ay ang mga Israelita—ang mga lahi ni Abraham—na sa pamamagitan niya ay pagpapalain ang buong mundo (Genesis 12:1-3). Ang paraan ng pagmimisyon ay para sa mundo na pumunta sa Israel upang makilala ang Diyos (Deut. 4:6; Isa. 49:6, 22). Ngayon, ang mga tao ng Diyos ay ang Iglesia (Gawa 2:47; Colosas 1:18). Ngunit, tulad ng nakita natin, nagbago ang paraan ng pagmimisyon: dapat tayong lumabas sa mundo at ibahagi ang ebanghelyo (Mat. 28:19).






# MGA TUMANGGAP: ANG BUONG MUNDO

“Datapuwa't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihuhang hangganan ng lupa.” (Gawa 1:8)

Ang pangangaral ng ebanghelyo ay nangyayari sa iba't ibang antas:



Jerusalem



Ang iyong pamilya, mga malalapit na kaibigan

Judea



Ang iyong mga kakilala, ang iyong lugar ng trabaho, ang iyong kapitbahayan

Samaria



Ang iyong lungsod, ang iyong bansa

Mga dulo ng mundo



Mga misyon, Internet, TV, libro, ...

Tinatawag tayo ng misyon ng Diyos na abutin ang mga indibidwal mula sa lahat ng lugar, bansa, grupo ng mga tao, wika, at etnisidad. Ito ang ating pinakahuling lugar ng misyon.



**“Sa atas ng Tagapagligtas sa mga alagad ay kasama ang lahat ng mga mananampalataya. Kabilang dito ang lahat ng mananampalataya kay Kristo hanggang sa katapusan ng panahon. Isang nakamamatay na pagkakamali na ipagpalagay na ang gawain ng pagliligtas ng mga kaluluwa ay nakasalalay lamang sa ordinadong ministro. Ang lahat na pinagkatiwalaan ng makalangit na inspirasyon ay pinagkakatiwalaan ng ebanghelyo. Ang lahat na tumatanggap ng buhay ni Kristo ay itinalaga na gumawa para sa kaligtasan ng kanilang kapwa tao. Para sa gawaing ito ang iglesia ay itinatag, at lahat ng nagtataglay ng mga sagradong panata nito ay ipinangako na maging mga katrabaho ni Cristo.”**

**E. G. W. (The Desire of Ages, Cp. 86, p. 822)**



# LINGGUHANG HAMON



Manalangin araw-araw ngayong linggo para sa komunidad kung saan ka nakatira. Inilagay ka ng Diyos doon para sa isang dahilan.

## MAS MATAAS NA HAMON

Magsaliksik sa demograpiko ng iyong lugar (kung anong uri ng mga tao ang nakatira sa paligid mo)—etniko at relihiyon, matanda, bata, mahirap, mayaman, mga wikang sinasalita, at iba pa. Hilingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung paano ka maaaring maging daluyan ng Kanyang pagmamahal sa kanila.

